Completing Absentee Notes and Notices

# Pagkukumpleto sa mga Pabatid at Pasabi sa Nagliban

Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

## Mahalagang sabihin sa paaralan kung ang iyong anak ay mapapaliban sa paaralan at sabihin ang dahilan ng pagliban.

Ang mga punong-guro ay may pananagutan sa batas na paggawa ng mga wastong ulat ng pagpasok ng mag-aaral.

Ang mga punong-guro ay may pananagutan din sa pagpapasya kung makatuwiran ang dahilan ng pagliban.

Kung maaari, ang mga magulang at tagapag-alaga ay hinihikayat na magbigay ng paliwanag tungkol sa mga pagliban bago pa mangyari ang mga pagliban.

Ang Punong–guro ay may karapatang magtanong sa mga magulang tungkol sa paghingi ng mga kapahintulutang lumiban sa paaralan ang kanilang anak. Ang Punong–guro ay mayroon ding karapatang magtanong tungkol sa paliwanag na ibinigay mula sa pagkakaliban ng bata sa paaralan.

Upang maipaliwanag ang pagliban, ang mga magulang at tagapag-alaga ay maaaring:

- magpadala ng sulat, faks o e-mail sa paaralan
- tawagan ang paaralan o
- bisitahin ang paaralan.

### Mga Dalawang Wikang Pabatid ng Nagliban

May mahihinging tatlong klaseng pabatid ng pagliban na dalawahang-wika upang makatulong sa pagsasabi ninyo sa paaralan tungkol sa pagliban ng inyong anak.

Absentee note 1 (Pabatid ng Nagliban 1) gagamitin kung ang bata ay isang buong araw na lumiban.

Absentee note 2 (Pabatid ng Nagliban 2) gagamitin kung ang bata ay mahigit sa isang araw na lumiban.

Absentee note 3 (Pabatid ng Nagliban 3) gagamitin kung ang bata ay lumiban ng bahagi lamang ng isang araw.

### Mga Pasabi Sa Nagliban

Kung ang paaralan ay hindi nakatanggap ng paliwanag tungkol sa pagliban ng bata, sila ay magpapadala sa inyo ng Absentee Notice (Pasabi sa Nagliban).

Gagamitin ng mga Punong-guro ang Absentee Notice (Pasabi sa Pagliban) upang makontak nila ang mga magulang sa loob ng dalawang araw mula sa isang di makatuwirang pagliban. Ang Absentee Notice ay kailangang makumpleto sa Ingles at ibalik sa paaralan sa loob ng pitong araw na may klase, na nagsasabi ng dahilan sa pagliban.

### Pagkumpleto sa mga detalye ng mga pagliban

May bahagi ng Pabatid ng Nagliban at Pasabi sa Nagliban na humihingi sa iyo na magbigay ng mga detalye tungkol sa pagliban o bahaging pagliban ng iyong anak.

Para naiintindihan ng paaralan ang mga ibinigay na dahilan, ang mga seksyong ito ay dapat kumpletohin sa Ingles. Ang mga maaaring dahilan ay nakalagay dito sa polyetos at nakasalin sa Ingles upang makopya ninyo sa mga porma, kung nababagay.

Kung may-kahirapan kayong makaintindi sa Pabatid ng Nagliban o Pasabi sa Nagliban o sa pagkumpleto sa mga detalye, maaari ninyong tawagan ang paaralan upang ipaliwanag ang dahilan ng pagliban ng inyong anak. Kung tumawag ka sa paaralan, hindi na kailangang magbigay pa ng sulat.

### Serbisyo ng Interpreter sa Telepono

Kung kailangan ninyo ng tulong ng isang interpreter upang kontakin ang paaralan ng iyong anak, tumawag sa Serbisyo ng Interpreter sa Telepono (Telephone Interpreting Service) sa 131 450 at humiling ng isang interpreter sa iyong wika. Ang interpreter ang siyang tatawag sa paaralan at mananatili sa linya ng telepono upang tulungan kayo sa iyong pakikipag-usap. Wala kayong babayaran sa serbisyong ito.

All content copyright
NSW Department of Education

## Mga maaaring dahilan ng pagliban

### Dahilang pangmedikal:

Trangkaso

Masakit ang sikmura

Pagtatae

Sipon

Sakit ng ulo

Malala ang kirot

Lagnat

Nabali ang buto

Pagsusuka

Nakakahawang-sakit, hal. tigdas o bulutong-tubig

Pagdudugo ng ilong/balinguyngoy

Asma/hika

Singaw sa balat/butlig-butlig

Nasaktan

Tipanan sa doktor

Tipanan sa dentista

Tipanan sa doktor ng mata

Tipanan sa manghihilot/pisyoterapiya

Tipanan sa espesyalista

Iba pa – tatawagan ko ang paaralan upang magpaliwanag

### Pampamilyang dahilan:

Paglibing

Paglipat ng tirahan

Pagdating o pagluwas ng malapit na kamag-anak mula ibayong-dagat

Hindi maiiwasang pagkasangkot sa isang mabigat na nangyari sa pamilya

Iba pa – Tatawagan ko ang paaralan upang magpaliwanag

### Ibang dahilan:

Mga hindi magandang karanasan at hindi inaasahang pangyayari hal. sunog, baha

Pakikisali sa mga natatanging pangyayari, hal. pagdalo sa isang pangrelihiyong seremonya.

Pagbabakasyon ng pamilya

Walang masakyan

Hindi maiiwasang pagka-antala

Iba pa – Tatawagan ko ang paaralan upang magpaliwanag

## Possible reasons for absence

### Medical reason:

Flu

Stomach-ache

Diarrhoea

Cold

Headache/Migraine

Strong pain

Fever

Broken bone

Vomiting

Infectious illness eg chicken pox

Nose bleed

Asthma

Rash

Injury

Medical appointment

Dental appointment

Optometry appointment

Physiotherapy appointment

Specialist appointment

Other - I will telephone the school to explain

### Family reason:

Funeral

Moving residence

Arrival or departure of an immediate relative from overseas

Unavoidable involvement in a serious family incident

Other - I will telephone the school to explain

### Other reason:

Misadventure and unforeseen events eg fire, flood

Participation in special event, eg attendance at a religious ceremony

Family holiday

Transport difficulty

Unavoidable delay

Other - I will telephone the school to explain